# Gabay sa Nagparitual sa Pagsingil ng Utang

Congrats sa pagpaparitual mo sa pagsingil ng utang. Mas pinalakas natin ang pagsumpa sa taong nagkasala sa yo. Relax ka lang at wag ka mag-stress kasi hindi ikaw ang nagkasala. Mas mabuti na lang na ibang tao ang magkasala sa atin kesa tayo ang magkasala sa iba. Ngayon ay dumaraan tayo sa tamang proseso para makuha natin ang karampatang hustisya.

## Ano ang gagawin?

Patuloy ka lang sa paggawa ng kabutihan. Wag ka gumawa ng kasamaan. Kung ano ang ginawa sa yong kasalanan ay tatapatan yan ng Diyos at ng mga santos (lalo na si Señor San Antonio de Padua) at yan din ang gagawin nilang pagpataw na parusa sa gumawa ng kasalanan sa yo. Wag ka magnakaw at wag ka din mangutang na hindi mo babayaran. Wag kang maging masahol katulad ng pinaritualan mo.

Ang pagsingil ng utang ay normal para sa atin bilang tao dahil ang pera ay pinaghirapan natin sa sipag at tiyaga ng tapat na trabaho. Kung gumawa tayo ng kasalanan para makakuha ng pera, ibang usapan na yan pero kung nagsikap tayo para makakuha ng pera sa mabuting paraan, may karapatan tayong magalit sa taong hindi tayo binayaran sa utang nila sa atin.

## Paano ba ang pagsingil?

Patuloy ka lang sa pagdasal na makasingil ka. Ginawa natin ang ritual at siguradong makakasingil ka sa taong niritualan natin. Gayunpaman, hindi ibig sabihin nito na masisingil natin sila agad at sa paraang pera. Kadalasan, ang nagiging pagsingil nga ng mga utang ay sa ibang paraan. Hindi lang naman kasi pera ang pwedeng gawing pagsingil.

Pwede ring singilin sa ibang paraan na daraan ang taong niritualan natin sa pagdurusa. Kamalasan, sakit, disgrasya, kaaway, bolilyaso, stress, hindi makatulog at iba pang mga bagay na hindi kanais-nais. Madalas kasi na ang mga taong hindi nagbabayad sa utang ay marami ang inutangan hindi lang ikaw. Ibig sabihin baon sila sa utang at mahirap sila singilin ng pera. Pero gayunpaman, pwede ka pa din makasingil ng pera kung nagkaroon sila ng pera. Pero ang pinakamadalas na sitwasyon sa pagsingil ng utang ay sa ibang paraan

sisingilin. Kung kaya't pagmasdan mo ang buhay ng niritualan mo at enjoyin mo ang karma nilang hahampas sa kanila ng malupit.

Wag ka nang magpaloko ulit at magpautang sa mga tao ng basta basta lang. Kung magpautang ka asahan mong may chance na malamang na hindi na babalik ang pera na yun sa yo. Ganyan ang mindset para hindi ka na basta magpautang at mapunta na naman sa mahirap na sitwasyon.

## Ano ang mangyari sa sumpa?

Gayunpaman, wag mo asahan na sumobra kesa sa karapatdapat. Wag ka din gumawa ng mga bagay na nasa sarili mo ng kamay para hindi ka madamay sa kasalanan nila sa yo. Maaaring mangyari ang kamalasan, kabiguan o sakit sa taong ginawan natin ng ritual sa hustisya. Kadalasan ay magdudulot ito ng kawalan ng tulog para sa taong nagkasala. Magmasid ka lang at magpatuloy sa pagdarasal ng para sa hustisya.

Ang Diyos at si Señor San Antonio de Padua ang mismong tutulong sa atin na magpatupad ng hustisya kaya hindi ka dapat mag-alala na kasalanan ang ginawa mo. Kasi ang Diyos nga mismo ang hiningan natin ng tulong tapos hindi tayo ang may kasalanan.

Ang ginawa nating pag-alay ay hindi mapipigilan ng mga tao kahit ano pa ang gawin nila o kahit sinuman pang ritualista o manggagamot ang puntahan nila. Ito ay dahil sila ang may kasalanan talaga. Pwera na lang kung sila mismo ang maghingi ng patawad sa yo at gawin nila ang tamang katumbas sa kung ano man ang ginawa nila sa yo. Ibig sabihin nito ay ibalik nila ang ninakaw nila, isaayos kung ano man ang sinira nila o ano pa mang kailangan gawin.

Kung halimbawa ay mabigat talaga ang ginawa nila sa yo na karapatdapat na talaga kunin din ang buhay nila, mangyayari yan basta makatumbas ang enerhiya ng ritual sa kabigatan ng kasalanan nila. Sa ganitong mangyayari, hindi ito masama kasi ang Diyos ang maghuhusga sa kanila na pinadaan sa mga santos. Hindi tayo ang pumatay sa kanila.

Ang ritual sa pagsingil ng utang ay makatulong sa yo na mas maging mapayapa na ang kalooban mo at hindi ka na mag-alala sa kung paano ka mabayaran sa kasalanang ginawa sa yo. Magtiwala ka lang sa proseso, magpatuloy sa kabanalan at magdasal sa araw-gabi sa tinuro namin sa Gabay sa Pagdasal at Dasal sa Pagsingil ng Utang. Ang hustiya galing sa Diyos ay nangyayari na para sa yo. Maghintay ka na lang, magtiwala at manood. God bless.